# “Krisis sa Hatinggabi”

A Lord’s Flock General Assembly Topic

Ni: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder

Agosto 27, 2022

Hatinggabi ang panahon o oras nang matinding kadiliman at kaganapan ng mga pamamaraan sa mga gawain ng demonyo. Kumakatawan ito sa panahon na napakahirap makita ang mga bagay sa ating paligid. Gayunpaman, pinili ng Diyos ang ganito ring sandali upang itakda at palayain ang mga bihag sa pagka-alipin kay satanas. Kumikilos ang Diyos sa ikalabing-isang oras. Huwag tayong makalimot magdasal at magpuri sa Panginoon kung tayo’y nasa ating “hatinggabi”.

**1. Makabuluhang pangyayari ng hatinggabi sa Bibliya:**

1.1. Nilipol ng Panginoon ang lahat ng panganay na lalaki sa Egipto (Exodo 12:29).

1.2. Sinabi ng Faraon kay Moses at Aaron na umalis na sa Egipto at sumamba kay Yaweh tulad ng hinihiling nila at dalhin na rin ang kanilang mga kawan (Exodo 12:31).

1.3. Alam ni David ang kahalagahan ng pagdadasal sa hatinggabi (Awit 119:62).

1.4. Ang kaibigan na kumatok sa hatinggabi at humingi ng 3 pirasong tinapay (Lucas 11:5-8).

1.5. Nagpahinga si Samson hanggang hatinggabi bago siya pumunta sa pintuang-bayan para alisin ang pangharang, poste at tarangka (Mga Hukom 16:3).

1.6. Nangaral si Pablo hanggang hatinggabi bago siya umalis kinabukasan (Gawa 20:7).

**2. Ano ang dapat nating gawin kung tayo’y nahaharap sa matinding “krisis sa hatinggabi”?** Maaaring pagkakaroon ng karamdaman, pagpanaw ng mahal sa buhay, o pagharap sa pag-uusig.

**2.1. Huwag matakot.** Natural lamang na makaramdam tayo ng takot ngunit huwag itong patagalin. Pinapalakas tayo ng komunidad na nakikisaya o kaya’y nakikiluksa sa atin.

**2.2. Magtipon-tipon sa panalangin**. Magtiwala sa Diyos. Binibigyan Niya tayo ng kaalaman kapag tayo ay may kinatatakutan.

**2.3. Purihin at sambahin ang Diyos**. Tinipon ni Haring Jehosaphat ang mga tao at nanguna siya sa panalangin at pagsamba (2 Mga Cronica 20:1-4).

**2.4. Ipakilala ang Diyos sa lahat ng oras.** Nakulong sina Paul at Silas ngunit nagpatuloy silang nagpuri at sumamba sa Diyos. Nang hatinggabi na napakinggan ni Hesus at gumawa Siya ng paraan at nayanig ang pundasyon ng bilangguan (Gawa 16). Magpuri tayo kahit sa bahay. Gusto Niya tayong maging malaya sa ating problema.

**2.5. Makinig sa turo ng Panginoon.** Pinahihintulutan Niya tayong makaranas ng krisis upang mas maging matibay tayo, mabuo ang ating pagkatao at tumibay ang ating pananampalataya.

**3.Paano tayo makaka-awit ng papuri kung ang mundo natin ay nagkakawatak-watak na?**

**3.1. Isuko natin sa panalangin sa Diyos ang ating pighati.** Hindi nagkunwaring hindi nasaktan sina Paul at Silas; sa halip nakinig sila ng mga awiting nagpapatibay sa kanilang pananalig.

**3.2. Tumigil sa karereklamo**. ”Pumanatag ka at isa-isip na Ako ang Panginoon”(Awit 46:11; Awit 37:7).

**3.3. Makinig sa Kanyang Salita para maalala na hindi Niya tayo iiwan.**

**3.4. Magpatotoo tayo para sa Kanyang kapurihan.** Hayaang makita at malaman ng kapwa ang ginawa ng Diyos sa atin. Bilang mananampalataya, kailangan nating ipagmalaki ang mga biyaya at himala na natatanggap natin.

**Konklusyon:** Hatinggabi ang pinakamadilim na oras. Ang buhay ay may pamamaraan upang ipakilala sa atin ang iba’t ibang anyo nito. Ngunit hindi lahat ng hatinggabi ay masama. Sa totoo lang, may mga pangyayari rin sa hatinggabi na magaganda. Ipinapakita ng Diyos na wala siyang hangganan, hindi siya nasusukat sa oras o layo. Ito ay nagpapahiwatig na kailangan nating manalangin lalo na kung hindi pa natin ito nagagawa.

**Pagninilay:**

1. Ikaw ba ay dumaranas ng krisis sa hatinggabi? Nagrereklamo ka ba o bumubulong-bulong? Nagpapatotoo, nagpupuri o sumasamba ka pa rin ba kahit nasa labas ng Heritage?
2. Isipin ang kabilang bahagi ng hatinggabi? Ano ang ginawa ng Diyos sa iyo ngayon?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Krisis,# Panalangin